DepEd ADVISORY No. 420, s. 2010
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
December 20, 2010

IKA-39 PAMBANSANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino (PASATAF), sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon o Commission *on Higher Education* (CHED) at ng Komisyon sa Wikang Filipino at Sangay ng Lungsod ng Baguio ay magdaraos ng ika-39 Pambansang Gawaing Kapulungan sa Filipino sa Abril 26-29, 2011 sa *Teachers Camp* (*Junior Mess*), Lungsod ng Baguio.

Ang paksang diwa ng gawaing-kapulungan ay *"PASATAF: Nagpapaalab ng Pagmamahal sa Wika Tungo sa Mapanghamong mga Isyu sa Edukasyon at Kalikasan".*

Ang layunin ng gawaing kapulungan ay ang mga sumusunod: (a) Maiangkop ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga isyung pang-edukasyon; (b) Matalakay ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang makabuo ng mga kagamitang pampagtuturo; (c) Maimulat ang kaisipan ng mga mag-aaral kaugnay sa pagbabago ng klima na nakaapekto sa pagkatuto; at (d) Makagawa ng mga angkop na pamamaraang panturo upang mapataas ang antas ng kalidad sa pagkatuto ng Filipino na mabunga ng nagpapayabong sa kaalaman sa Filipino.

Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang mga pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang CHED at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga punongguro o sinumang hihiranging kinatawan sa elementarya, sekundarya, tersyarya at unibersidad/kolehiyo na pang-estado at pribado, mga dating kasapi ng PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang samahang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino.

Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Apat na Libo at Limandaang Piso (PhP4,500.00) para sa rehistrasyon sa regular na kasapi na gugugulin para sa pagkain at akomodasyon sa loob ng apat (4) na araw, *hand-out, bag, t-shirt*, bayad kasapian, honorarya at iba pang gastusin at karagdagang Limampung Piso (PhP50.00) para sa mga bagong kasapi.

Mahigpit na ipinagbabawal ang magsama ng anak, asawa o kaibigang hindi opisyal na kalahok sa gawaing-kapulungan. Mangyaring magdala ng gamot ang mga may karamdaman. Hindi pananagutan ng Pamunuan ng PASATAF at mga tagapagtaguyod nito ang mga dadalong may karamdaman.

Ang unang pagkain ay sa tanghalian ng Abril 26, 2010. Hindi sasagutin ng PASATAF ang pagtira sa Teachers Camp at pagkain na di sakop sa panahon ng seminar. Ang mga kasapi ng Lupon ng mga Direktor lalo na ang tagapangulo ng Lupon sa Rehistrasyon ay dapat dumating sa Abril 25 para sa mga paghahanda tulad ng pagtanggap ng maagang mga magpapatala.

Mangyaring tumawag o makipag-alam sa mga sumusunod para sa iba pang impormasyon: **Dr. Marlene C. Tillah,** Pangulo, PASATAF, Cellphone Blg.: 0929-5018161; **Bb. Gloria I. Alday,** DepEd National Capital Region (NCR), Ingat-Yaman, PASATAF, Telepono Blg.: (02) 921-5630/(02) 926-2233; at **Gng. Cristina S. Chioco,** BSE DepEd, Kalihim-PASATA, Cellphone Blg.: 0928-2747931.

Madel/MCR: DA -PASATAF
12-15-10